



Hindi Aktibong Bakuna sa Impluensa (Trangkaso) Inactivated Influenza (Flu) Vaccine

Ano ang hindi aktibong bakuna sa impluensa?

Ang hindi aktibong bakuna sa trangkaso ay gawa ng mga napatay na virus ng impluensa. Nagpoprotekta ito laban sa mga virus na nagdudulot ng impluensa, na kadalasang tinatawag na trangkaso. Ang bakuna ay hindi nagpoprotekta laban sa iba pang mga virus o bakterya na nagdudulot ng sipon o trangkaso sa tiyan. Maraming iba't ibang bakuna sa trangkaso ang makukuha sa B.C., kabilang ang isang buhay na nanghinang bakuna sa trangkaso na ginawa mula sa mga mahinang virus ng trangkaso. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [HealthLinkBC File #12e Buhay na Nanghinang Bakuna sa Impluensa \(Trangkaso\)](#). Ang mga bakuna ay inaprubahan ng Health Canada.

Sa B.C., ang mga bakuna sa trangkaso ay karaniwang makukuha sa Oktubre. Para sa iyong pinakamahusay na proteksyon, magpabakuna sa lalong madaling panahon. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman kung kailan makukuha ang mga bakuna o bisitahin ang ImmunizeBC sa <https://immunizebc.ca/clinics/flu> upang mahanap ang isang klinika sa trangkaso.

Sino ang dapat makakuha ng bakuna?

Sa B.C., ang hindi aktibong bakuna sa trangkaso o iniksyon sa trangkaso ay ibinibigay nang libre sa mga sumusunod na grupo ng mga tao.

Mga taong may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang karamdaman mula sa trangkaso, tulad ng:

- Mga batang 6 na buwan hanggang wala pang 5 taong gulang
- Mga buntis na kababaihan sa anumang yugto ng pagbubuntis sa panahon ng trangkaso
- Mga nakatatanda na 65 taong gulang at mas matanda
- Mga residente sa anumang edad na naninirahan sa pangangalagang pantahanan, tulong sa pamumuhay o iba pang mga grupong pasilidad
- Mga katutubong tao
- Mga bata at mga tinedyer na kinakailangang uminom ng Aspirin® o ASA sa mahabang panahon dahil sa isang kondisyong medikal
- Mga bata at mga matatanda na may ilang partikular na kondisyong medikal, kabilang ang:
 - Mga sakit sa puso o baga na nangangailangan ng regular na pangangalagang medikal, tulad ng hika, talamak na sakit nakahahadlang sa baga [obstructive pulmonary disease] o cystic fibrosis
 - Sakit sa bato, talamak na sakit sa atay tulad ng hepatitis, dyabetes, kanser, anemia o mahinang sistemang panlaban sa sakit
 - Ang may mga kondisyong pangkalusugan na nagdudulot ng kahirapan sa paghinga, paglunok o panganib na mabulunan sa pagkain o mga likido, tulad ng mga taong may malubhang pinsala sa utak, pinsala sa utak ng galugod [spinal cord], mga sumpong o neuromuscular na sakit
- Mga bata at matatanda na napakataba

Mga taong may kakayahang maglipat o magkalat ng trangkaso sa mga nasa mataas na panganib ng malubhang sakit mula sa trangkaso kabilang ang:

- Mga nakikipag-ugnayan sa sambahayan (kabilang ang mga bata) ng mga taong nasa mataas na panganib
- Mga nakikipag-ugnayan sa sambahayan, mga tagapagbigay-alaga at kawani ng daycare ng mga batang wala pang 5 taong gulang
- Mga doktor, mga nars at iba pang nagtatrabaho sa mga kapaligiran ng pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, na nakikipag-ugnayan sa mga pasyente
- Mga bisita sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan at iba pang mga lokasyon ng pangangalaga ng pasyente
- Mga bilanggo ng mga panlalawigang institusyon ng bilangguan
- Mga nagbibigay ng pangangalaga o serbisyo sa mga taong may mataas na panganib sa mga posibleng kapaligiran ng silakbo gaya ng mga cruise ship

Kabilang sa iba pang mga grupo na karapat-dapat na makatanggap ng libreng bakuna laban sa trangkaso ay ang:

- Mga taong nagbibigay ng mahahalagang serbisyo sa komunidad tulad ng mga pulis, mga bumbero, mga ambulansya, at mga manggagawa sa bilangguan
- Mga taong nagtatrabaho sa buhay na manok

Upang malaman kung karapat-dapat ka, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o tawagan ang HealthLink BC sa **8-1-1**.

Kung hindi ka karapat-dapat para sa isang libreng bakuna sa trangkaso, maaari mo itong bilhin sa karamihan ng mga parmasya at mga klinika ng paglalakbay. Ang ilang mga tagapag-employo ay nagbibigay din ng libreng bakuna sa mga empleyado.

Paano ibinibigay ang bakuna?

Ang bakuna ay ibinibigay sa pamamagitan ng iniksyon, kadalasan bilang 1 dosis. Ang mga batang wala pang 9 taong gulang na hindi pa nagkaroon ng pana-panahong bakuna laban sa trangkaso ay nangangailangan ng 2 dosis. Ang pangalawang dosis ng bakuna ay mahalaga upang mapataas ang kanilang antas ng proteksyon at dapat ibigay 4 na linggo pagkatapos ng unang dosis.

Ano ang mga benepisyo ng pagkuha ng bakuna?

Ang bakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan laban sa trangkaso, isang malubha at minsan nakamamatay na impeksyon. Kapag nabakunahan ka, nakakatulong ka rin na protektahan ang iba sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagkalat ng virus ng trangkaso.

Ano ang mga posibleng reaksiyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga karaniwang reaksiyon sa bakuna ay kasama ang pananakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Ang iba pang mga sintomas, na maaaring tumagal ng 1 hanggang 2 araw, ay maaaring kabilang ang lagnat, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkapagod, pagduduwal, pagsusuka, pagtatae at pangingingin. Ang

mga sanggol at maliliit na bata ay maaaring irritable, inaantok at nabawasan ang gana sa pagkain. Mas kaunti sa 1 sa 20 tao ang maaaring magkaroon ng oculo-respiratory syndrome (ORS). Kasama sa mga sintomas ng ORS ang mapupulang mata, ubo at/o namamagang lalamunan at/o pamamalat.

Hindi ka makakakuha ng trangkaso mula sa hindi aktibong bakuna sa impluwensa dahil naglalaman ito ng mga napatay na virus ng trangkaso na hindi maaaring magdulot ng impeksiyon.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang [HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome](#).

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta sa buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksiyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksiyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang Guillain-Barré Syndrome (GBS) ay isang bihirang kondisyon na maaaring magresulta sa panghihina at paralisis ng mga kalamnan ng katawan. Ito ay kadalasang nangyayari pagkatapos ng mga impeksiyon. Sa mga bihirang kaso ang GBS ay maaari ding mangyari pagkatapos ng ilang mga bakuna. Maaaring iugnay ang GBS sa bakuna sa trangkaso sa humigit-kumulang 1 bawat milyong tatanggap.

Sino ang hindi dapat makakuha ng hindi aktibong bakuna sa trangkaso?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay:

- Nagkaroon ng reaksiyong nagbabanta sa buhay sa isang nakaraang dosis ng bakuna laban sa trangkaso, o anumang sangkap ng bakuna (ang mga taong may alerhiya sa itlog ay maaaring ligtas na mabakunahan)
- Nagkaroon ng malubhang oculo-respiratory sindrom pagkatapos ng nakaraang bakuna laban sa trangkaso
- Nagkaroon ng Guillain-Barré Syndrome (GBS) sa loob ng 8 linggo ng pagkuha ng anumang bakuna laban sa trangkaso nang hindi natukoy ang ibang dahilan
- Tumatanggap ng checkpoint inhibitor upang gamutin ang kanser. Maaaring makaapekto ito kung kailan mo dapat makuha ang bakuna

Ang mga batang wala pang 6 na buwang gulang ay hindi dapat makakuha ng bakuna dahil hindi ito kilala na epektibo sa edad na ito.

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang trangkaso?

Ang trangkaso ay isang impeksiyon sa itaas na daanan ng hangin na dulot ng virus ng impluwensa. Ang isang taong may trangkaso ay nasa panganib ng iba pang mga impeksiyon, kabilang ang viral o bacterial na pulmonya na isang impeksiyon sa mga baga. Madaling kumakalat ang trangkaso mula sa bawat tao sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahaing o pakikipag-usap nang harapan. Ang virus ay maaari ding kumalat kapag nahawakan ng isang tao ang maliliit na patak mula sa isang ubo o bahaing sa ibang tao o bagay at pagkatapos ay hinawakan ang kanilang mga mata, bibig o ilong bago maghugas ng kanilang mga kamay.

Ano ang Patakarang sa Pag-iwas sa Trangkaso?

Ang B.C. ay may Patakarang sa Pag-iwas sa Trangkaso upang protektahan ang mga taong may mataas na panganib mula sa trangkaso. Ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ay kinakailangang mabakunahan laban sa trangkaso o magsuot ng maskara kapag sila ay nasa mga lugar ng pangangalaga ng pasyente sa panahon ng trangkaso. Ang mga mag-aaral, mga boluntaryo at mga bisita sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan at iba pang mga lokasyon ng pangangalaga ng pasyente ay inaasahan ding magsuot ng maskara kung hindi sila nakakuha ng bakuna sa trangkaso.

Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapag-alaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksiyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang [HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna](#).

Para sa Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang sumusunod na mga Salansan ng HealthLinkBC:

- [HealthLinkBC File #12a Bakit Dapat Kunin ng Mga Nakatatanda ang Hindi Aktibong Bakuna ng Impluwensa \(Trangkaso\)](#)
- [HealthLinkBC File #12b Mga Katotohanan tungkol sa Impluwensa \(ang Trangkaso\)](#)
- [HealthLinkBC File #12c Pagbabakuna sa Impluwensa \(Trangkaso\): Mga Katha-katha at mga Katotohanan](#)
- [HealthLinkBC File #12e Buhay na Nanhinang Bakuna sa Impluwensa \(Trangkaso\)](#)

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa <https://immunizebc.ca/>.



BRITISH COLUMBIA ImmunizeBC



BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca o tawagan ang **8-1-1** (libreng-tawag). Para sa bingi at nahihirapang makarinig, tumawag sa **7-1-1**. Ang mga serbisyo ng pagsasalain ay makukuha sa mahigit sa 130 mga wika kapag hiniling.